# Modyul 11
# Pagsulat ng Bibliyograpi



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Bawat mag-aaral na tulad mo'y mahalagang matutunan ang pagkuha ng tamang impormasyon sa silid-aklatan. Nasubukan mo na bang manaliksik sa inyong aklatan? Naging madali ba para sa iyo ang paghahanap ng mga paksang mapagkukunan ng mga detalyeng iyong kinakailangan?

May kani-kaniyang lalagyan ang bawa't aklat sa aklatan. Nakaayos ayon sa asignatura. Hindi maaaring magkahalu-halo sapagkat magdudulot ito ng kalituhan sa mga mananaliksik. Masasayang pa ang oras sa paghahanap ng aklat na gagamitin. Sa unang pagkakataon, talagang nakapaninibago sapagkat kaiba ang aklatan ng paaralan sa lalagyan ng aklat natin sa bahay. Hindi na kakailanganin pa ang tulong ng tagapangasiwa sapagkat alam mo na kung saan hahanapin ang sangguniang gagamitin.


Tulad din iyan ng pagbuo ng iba't ibang kard na sinasangguni ng mananaliksik upang madaling makita ang paksa, may-akda o asignaturang kailangang hanapin. Ito ang makatutulong sa mananaliksik upang makapangalap ng iba't ibang datos para sa paksang iuulat o igagawa ng panahunang papel.

Sa pangangalap ng impormasyon, mahalagang itala ang mga impormasyon tungkol sa sangguniang ginamit upang maging gabay rin ng iba. Hindi rin magiging suliranin kung sa ibang araw ay muling kailanganin ang mga datos sapagkat mayroon nang magagamit na mga talaan ng sanggunian.



## Ano ang matututunan mo?

Nailalapat ang mga batayang kaalaman sa pagbuo ng bibliyograpi



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Gabay sa pansariling pagkatuto ang modyul na ito. Gamitin mo ito bilang patnubay sa tulong ng mga tuntunin. Upang maging makabuluhan at wasto ang iyong paggamit, kailangang maging malinaw sa iyo ang mga nararapat gawin. Huwag kang mag-alala, sundin mo ang mga sumusunod:

1. Sagutin mo ang panimulang pagsubok o ang bahaging Ano Na Ba Ang Alam Mo. Gabay ito upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa.

2. Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin mo ito sa iyong guro. Kung nagkaroon ka man ng maraming mali, huwag mag-alala. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.

3. Pag-aralan mo na ang paksang-aralin. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawain. Mababasa mo ang mga dapat gawin.

4. Tingnan mo kung naragdagan ang iyong kaalaman. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit o ang bahaging Gaano ka Na kahusay? Pagkatapos, iwasto ang iyong sagot sa tulong ng susi.

5. Gamitin mo nang wasto ang modyul. Kaibigan mo ito. Sagutan nang mabuti. Huwag mong susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na papel o kaya ay notbuk.

6. Ang isang kaibigang nagmamalasakit ay dapat mong pahalagahan sapagkat mahalaga ka rin para rito.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Huwag kang matakot sa pagsusulit na ito. Layon lamang nitong masukat ang dati mo nang kaalaman tungkol sa paksa.

Handa ka na ba?

Magsimula ka na!

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na impormasyon upang makabuo ng isang maayos na bibliyograpi/talasanggunian mula sa iba't ibang uri ng sanggunian.

Sangguniang Aklat

| |
|---|
| Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika – Mga Teorya, Simulain at Istratehiya<br>705 J.P. Rizal St., Makati City<br>1999<br>Grandwater Publications Research Corporation<br>Badayos, Paquito B. |

Sangguniang Magazin

| |
|---|
| Hasik, Bolyum 1 Blg. 1<br>Makabagong Istratehiya at Teknik sa Paglinang ng Kasanayan sa Pagsulat<br><br>Mayo 1996<br>Lalunio, Lydia P. |

Sangguniang Magazin

| |
|---|
| "Mga Batayang Teorya sa Wika"<br>Manwal sa Pagsasanay sa Filipino I<br>Wika at Panitikan<br>Ikaapat na Taon ng Mataas na Paaralan<br>Otanes, Fe T. 1991 |

Iwasto mo ang iyong sagot. Tutulungan ka ng susi sa pagwawasto. Hingin mo ito sa iyong guro.


Naging madali ba para sa iyo ang pagsusulit? Kung gayon, natatandaan mo pa ang mga araling napag-aralan mo noon. Binabati kita dahil diyan. Tutulungan na lamang kitang paunlarin at pagyamanin ang iyong kaalaman tungkol sa paksang ito. Kung nahirapan ka naman, matutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko. Unawain mo lamang mabuti ang mga paliwanag upang makakuha ka ng mataas na marka.

# *ARALIN 1: Pagsusuri ng mga Tiyak na Halimbawa ng Bibliyograpi*

## Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mapag-aralan ang araling ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. Nakapagsusuri ng mga tiyak na halimbawa ng bibliyograpi
2. Natutukoy ang mga angkop na bantas na ginamit sa bibliyograpi
3. Natitiyak ang gamit ng malaki at maliit na letra
4. Naiisa-isa ang mga impormasyong napapaloob sa bibliyograpi



## *Anu-ano na ang mga tiyak na alam mo?*

Sa paggawa ng bibliyograpi, mahalagang malaman ang mga tiyak na detalyeng isasama bilang sanggunian. Nararapat na alam ng mananaliksik ang mga bahagi ng aklat na kanyang ginagamit upang madaling makakuha ng impormasyon.

Alam mo ba kung anu-ano ang mga bahagi ng aklat na nararapat isaalang-alang sa pagkuha ng datos na isusulat sa bibliyograpi? Sagutin mo ang pagsubok na inihanda ko upang malaman kung gaano na kalawak ang iyong kaalaman sa paksang ito.

Handa ka na ba?

1. Bahagi ng aklat kung saan nasusulat ang pagtanaw ng utang na loob ng may akda sa mga taong nakatulong sa kanya sa pagbuo ng aklat.
2. Ang unang-unang mababasa sa pabalat ng aklat.
3. Talaan ng mga paksang tatalakayin sa aklat kasama ang mga pahina kung saan ito matatagpuan.
4. Bahagi ng aklat na kinasusulatan ng mga paksa at kahalagahan ng aklat.

5. Mga sangguniang pinagkunan ng impormasyon. Makikita sa dakong ibaba ng pahina ng aklat.

6. Talaan ng mga sangguniang isinaayos nang paalpabeto ang mga pangalan ng may-akda.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang susi sa pagwawasto. Hingin mo ito sa iyong guro.

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

**1. Alamin mo…**

Dapat mong malamang sa paggawa ng bibliyograpi, kailangang alam mong isaayos nang paalpabeto ang mga pangalan ng may-akda, pati na ang pamagat ng iba't ibang sanggunian o artikulo.

Alam mo ba kung paano ito gawin? Sagutin mo ang gawaing inihanda ko upang malaman kung gaano ka kagaling sa paksang ito.

Panuto: Isaayos nang paalpabeto ang mga pangalan ng may-akda at pamagat ng artikulo.

Federico B. Sebastian
Jose Villa Panganiban
Edgrado M. Reyes
Arsenio E. Manuel
Ponciano B.P. Pineda
Julian C. Balmaceda
Lualhati Bautista
Jose A. Arrogante
Bayani ng Lahi, Balita
Katutubong Panitikan, Liwayway

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin ang susi sa pagwawasto sa iyong guro.

Makatutulong ang mga gawaing inihanda ko upang lalong malinang ang iyong pag-unawa sa paksang pag-aaralan.

Handa ka na bang magsimula?

**Gawain 1:** Pagsusuri ng mga Tiyak na Halimbawa ng Bibliyograpi

Panuto: Basahin ang halimbawang bibliyograpi. Pagkatapos, isulat ang oo kung totoo ang ipinahahayag ng pangungusap na makikita sa susunod na pahina at hindi kung mali.

Papa, Nenita B. Bagong Filipino sa Puso at Diwa.
Metro Manila; Vibal Publishing House, Inc., 1987.

1. Diwa, Vibal Publishing House ang pinaglimbagan ng aklat.
2. Ang petsang nasusulat sa hulihan ay tumutukoy sa kapanganakan ng may-akda.
3. Nagsisimula sa malaking letra ang pangalan ng may-akda.
4. Bagong Filipino ang buong pamagat ng aklat.
5. Nilimbag sa Metro Manila ang aklat.
6. Nakapasok ang ikalawang linya ng mga impormasyon sa bibliyograpi.
7. Kuwit ang bantas na ginamit bago isulat ang pangalan ng lunsod.
8. Tuldok-kuwit ang bantas na ginamit pagkatapos isulat ang petsa.

**Gawain 2:** Pagtukoy sa mga Angkop Na Bantas na Ginamit sa Bibliyograpi

Sa pagsulat ng bibliyograpi, may mga gamiting bantas na dapat isaalang-alang. Alam mo ba kung anu-ano ang mga ito? Upang higit na maging malinaw sa iyo ang gamit ng iba't ibang bantas, basahin at pag-aralan mo muna ang mga paliwanag na aking ilalahad.

Wastong gamit ng ibat'ibang bantas:

1. Gamit ng kuwit ( , )

Ginagamit ang kuwit sa pagitan ng apelyido at pangalan.
Halimbawa:
Reyes, Jerry L.
Hernandez, Amado V.

Sa pagitan ng bayan at lunsod o lalawigan.
Halimababawa:
Los Baños, Laguna
Fairview, Quezon City

Sa pagitan ng pamagat ng artikulo at ngalan ng pahayagan o babasahin.
Halimbawa:
"Ang Sining ng Pakikipagtalastasan", Balita
"Ang karapatan ng mga Bata", Pambata Magazine

Sa pagitan ng limbagan at petsa.
Halimbawa:
Bedes Publishing House, 1990
Abiva Publishing House, 2000

2. Gitling ( - )

Ginagamit ang gitling sa pagitan ng ika – na sinusundan ng tambilang

Halimbawa:

Ika – 9, ika – 5

Sa paghahati ng salitang gipit sa espasyo.

Halimbawa:

Kapaki-pakinabang ang gawaing pagbaba-
sa at pagsusulat.

Sa pagitan ng panlaping nagtatapos sa katinig na "g" at salitang nagsisimula sa patinig.

Halimbawa:

Ang mag-anak na Cruz.
Ang pag-unlad ng ekonomiya.

3. Panini ( " " )

Ginagamit ang panipi sa pamagat ng artikulo sa bibliyograpiya.

Halimbawa:

"Mga Batayang Teorya sa Wika", Manwal sa Pagsasanay sa Filipino I.

Sa mga alyas na ginagamit bilang bahagi ng pangalan.

Halimbawa:

Efren "Bata" Reyes
Carlos "Botong" Francisco
Francisco "Kit" Tatad

4. Tuldok ( . )

Ginagamit ang tuldok sa hulihan ng bibliyograpi pagkatapos ng petsa.

Halimbawa:

Barangay San Jose, Quezon City, 1987.
Sta. Cruz, Masnila, 1990.

Sa mga salitang pinaikli.

Halimbawa:

Company – Co.
Incorporated – Inc.
Street – St.

Sa inisyal ng gitnang pangalan.

Halimbawa:

Garcia, Carlos P.
Aquino, Gloria M.

5. Tutuldok ( : )
Ginagamit ang tutuldok sa paghihiwalay ng lunsod sa limbagan.
Halimbawa:
Manila: National Book Store

Sa paghihiwalay ng paksa at paliwanag sa pamagat ng aklat.

Halimbawa:
Pagsusuring Pampanitikan: Makabagong Paraan ng Pagtalakay

Naunawaan mo ba ang inilahad kong mga kaalaman? Masasagot mo na siguro ang inihanda kong gawain para sa iyo.

Handa ka na ba?

Panuto: Punan ng angkop na bantas ang mga may salungguhit.

Baes _1_ Emelita P _2_ _3_ Huwag Mo Akong Limutin _4_ Mga Tula at Panuntunan sa Pagsulat ng Tula _5_ Quezon City _6_ Rex Printing Co _7_ Inc _8_ _9_1979 _10_

Mabanglo _1_ Ruth Elynia S _2_ Panunuring Pampanitikan _3_ Makabagong Pilipino para sa Kolehiyo 3 _4_ Manila _5_ Alemar _6_ Phoenix Publishing House _7_ Inc _8_ _9_ 1979 _10_

**Gawain 3:** Pagtiyak sa Gamit ng Malaki at Maliit na Letra

Alam mo ba kung kailan ginagamit ang malaki at maliit na letra?

Basahin mo ang mga paliwanag sa ibaba upang higit na maragdagan ang iyong kaalaman sa paksang ito.

Mga tuntunin sa paggamit ng malaking letra:

1. Sa simula ng bawat pangungusap

   Halimbawa:

   Sa silid-aklatan matatagpuan ang mga kinakailangang sanggunian.

2. Sa pangalan ng araw, buwan

   Halimbawa:

   Darating sila sa Lunes.
   Matatapos na ang buwan ng Setyembre.

3. Sa pamagat ng mga aklat, awit, seleksyon, artikulo

   Halimbawa:

   Noli Me Tangere
   Mga Awiting Pilipino

4. Sa pangalan ng mga samahan, gusali, limbagan, kalye, pook, simbahan, paaralan

   Halimbawa:

   Knights of Rizal
   Sta. Cruz Church

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Mayroon ka bang hindi naunawaan? Basahin mo lamang mabuti at unawain upang maging malinaw sa iyo ang lahat.

Subukin mo ang iyong pag-unawa sa pamamagitan ng pagsagot sa gawaing inihanda ko para sa iyo.

Panuto: Iwasto ang mga salita sa bibliyograpiya na nararapat gamitan ng malaki o maliit na letra.

Brion, rofel G. Tuklas Mga Piling akda ng panitikang Filipino. Quezon City, Metro Manila: Ateneo de manila University press, Kagawaran ng Filipino, 1987.

Del mundo, Clodualdo. Mula sa Parolang Ginto: Mga panunuring pampanitikan. Maynila: liwayway publishing, inc., 1969.

**Gawain 4:** Pag-iisa-isa ng mga Impormasyong Napapaloob sa Bibliyograpi

Hindi mabubuo ang bibliyograpi kung kulang ang impormasyong ilalagay rito. Kailangang sapat ang mga detalye upang maging tumpak o wasto ang iyong gagawin.

May mga bagay na dapat isaalang-alang sa pagbuo nito. Alam mo ba kung anu-ano ito?

- Kung aklat ang sinangguni, ang mga impormasyong dapat ipaloob sa bibliograpi ay:

  may-akda o pangalan ng sumulat ng aklat
  pamagat ng aklat
  lungsod/pook kung saan nilimbag ang aklat
  pangalan ng limbagan
  taon ng pagkakalimbag

- Kung pahayagan naman ang pinagkunan ng mga impormasyon o sinangguni, ang mga impormasyong dapat ipaloob ay:

  pamagat ng artikulo
  pangalan ng pahayagan
  petsa at pahina

- Kung magazin naman ang sinangguni, napapaloob naman dito ang:

  may-akda
  pamagat ng artikulo
  pamagat ng magasin
  bilang ng bolyum
  tsa at pahina

- Kung ensayklopidya naman:

  pamagat ng ensayklopidya
  taon ng edisyon
  bilang ng edisyon
  bolyum at pahina

Upang higit mong maunawaan, narito ang mga halimbawa ayon sa pagkakasunud-sunod ng impormasyon batay sa bawat uri ng sanggunian.

- Aklat

Apelyido ng awtor, Pangalan ng awtor, Gitnang pangalan. (inisyal) Pamagat ng aklat. Lugar ng limbagan:Limbagan, Taon ng pagkakalimbag.

- Pahayagan

"Pamagat ng Artikulo", (kung walang pangalan ng sumulat) Pamagat ng pahayagan. Pahina, Petsa

- Magasin

Apelyido ng may-akda, Pangalan ng may-akda.(kung walang pangalan ng sumulat ng artikulo, simulan sa pamagat ng artikulo) "Pamagat ng Artikulo", Pangalan ng magasin, Bilang ng Bolyum, Pahina, Petsa.

- Ensayklopidya

"Pamagat ng Artikulo", Pangalan ng Ensayklopedya, Bolyum, Pahina, Petsa.

Naging malinaw ba sa iyo ang paliwanag na aking ginawa? Kung mayroon kang hindi naiintindihan, muli mong basahin at pag-aralan ang isinasaad ng bawa't paliwanag upang maunawaan mong mabuti.

Ngayon ay alam kong handa ka na sa pagsagot sa susunod na gawain.

Kunin mo na ang iyong bolpen at papel.

Panuto: Basahing mabuti ang halimbawang bibliyograpi. Pagkatapos, sagutin ang mga katanungan sa ibaba nito.

Reyes, Soledad S. Isang Libo At Isang Salawikain at Kasabihan. Malabon, Rizal: Palimbagan ng Dalubhasaang Epifanio delos Santos, 1975.

A.

1. Ano ang buong pamagat ng aklat?
2. Kailan nilimbag ang aklat?

3. Ano ang pangalan ng limbagan?
4. Saan matatagpuan ang palimbagan?
5. Sino ang sumulat ng aklat?

| |
|---|
| Lalunio, Lydia P. "Makabagong Istratehiya at Teknik sa Paglinang ng Kasanayan sa Pagsulat", Hasik, Bolyum 1 Blg. 1, Mayo 1996. |

B.
1. Ano ang buong pangalan ng may-akda?
2. Ano ang pamagat ng artikulo?
3. Kailan nalimbag ang babasahin?
4. Ano ang pamagat ng babasahin?
5. Pang-ilang babasahin na ang magasing ito?

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin ang susi sa pagwawasto sa iyong guro.

**2. Lagumin mo…**

Subukin mo kung gaano ang iyong natutunan sa mga gawaing isinagawa sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na pagsasanay.

Panuto: Punan ng wastong salitang makikita sa kasunod na pahina ang bawa't patlang sa pangungusap.

1. Ang mga impormasyong isasama sa bibliyograpi ay dapat na ______________.
2. Ang isinusulat pagkatapos ng pamagat ng akda ay ______________________.
3. Kung walang pangalan ng sumulat ng artikulo, nauunang isulat ang __________________.
4. Ang pamagat ay dapat na nasusulat sa ___________________ letra.
5. Isinusulat sa maliit na letra ang mga ____________________.
6. Ang bantas na ginagamit sa pagitan ng apelyido at pangalan ay ___________.
7. Ginagamit ang bantas na __________ pagkatapos ng pamagat.
8. Sa pagitan ng lunsod at limbagan, bantas na ____________ ang ginagamit.
9. Matatagpuan sa hulihan ng bibliyograpi ang ___________ ng pagkalimbag.

10. Ang impormasyong nasusulat pagkatapos ng bayan ay _____________.

| | |
|---|---|
| tutuldok | tuldok |
| magkakasunod | magkakadikit |
| kuwit | petsa |
| pamagat ng artikulo | pook |
| malaking | kataga |
| gitling | maliit |
| lunsod | tuldok |
| salita | pook / bayan |

Naging madali ba para sa iyo ang gawain? Tingnan mo kung tama ang iyong mga sagot. Hingin mo ang susi sa pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong gawain.

**3. Subukin mo…**

Punan ng angkop na salitang makikita sa loob ng kahon sa ibaba ang bawa't patlang sa talata upang mabuo ang diwang ipinahahayag nito.

Sa pagsulat ng bibliyograpi, kailangang isama ang lahat ng mahahalagang ____1____ upang maging malinaw ito at ____2____ . Pati angkop na ____3____ ay dapat isaalang-alang upang madaling makilala ang pagkakaiba-iba ng mga detalye. Ang unang linya ay dapat na ____4____ samantalang ang pangalawa at susunod pang linya ay dapat na ____5____ . Ang simula ng bawat salita ay ginagamitan ng ____6____ letra maliban lamang sa mga ____7____ . Kung pangalan ng ____8____ ang unang isinusulat, sa hulihan naman mababasa ang ____9____ ng ____10____.

| | |
|---|---|
| malaking | maliit na |
| petsa | nakapasok |
| nakalabas | pagkakalimbag |
| maayos | impormasyon |
| bantas | kataga |
| may-akda | limbagan |

Naging madali ba para sa iyo ang pagsusulit? Hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto upang malaman kung ilan ang nakuha mong iskor.

**4. Paunlarin mo…**

Kung ang iskor na iyong nakuha sa pagsubok ay walo (8), maaari ka nang magsimula sa aralin 2, subalit kung mababa rito ang iyong iskor, kailangan mo munang sagutin ang gawaing inihanda ko bago mo pag-aralan ang susunod na aralin.

Handa ka na ba?

Magsimula ka na!

Panuto: Isulat kung ano ang tinutukoy ng mga sumusunod na pahayag.

1. Ang impormasyong mababasa pakatapos ng pangalan ng may akda.
2. Bantas na ginagamit sa pamagat ng artikulo.
3. Kung walang pangalan ng sumulat, ito kaagad ang unang isinusulat.
4. Bantas na ginagamit upang ihiwalay ang lunsod sa limbagan.
5. Bantas na makikita sa hulihan ng bibliyograpi.

# ARALIN 2: Paghahanay-hanay ng Mahahalaga at Magkakaugnay na Impormasyon

## Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mapag-aralan ang araling ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. Nakapaghahanay-hanay ng mahahalaga at magkakaugnay na impormasyon
2. Nagagamit ang kaalaman tungkol sa wastong format
3. Natutukoy ang pagkakaiba ng format ng bawat sanggunian ayon sa uri nito
4. Nakapagbibigay-reaksyon sa mga piling halimbawa ng bibliyograpi



## Anu-ano na ba ang tiyak na alam mo?

Iba't iba ang sangguniang matatagpuan sa aklatan. Hindi lamang sa aklat makakukuha ng mga kinakailangang impormasyon subalit sa iba pang babasahin gaya ng mga mapa, atlas, yearbook, clippings at marami pang iba.

Alam mo ba kung paano ginagamit ang mga ito?

Sagutin mo ang pagsubok na inihanda ko upang malaman kung gaano na kalawak ang iyong kaalaman sa paksang ito.

Panuto: Isulat kung anong impormasyon ang isinasaad ng bawat bilang.

1. Austerio, Cecilia S.
2. Filipino sa Iba't ibang Disiplina
3. Dalandanan, Valenzuela City
4. Mega Jesta Prints, Inc.
5. 2000
6. "Mag-aral Tayo",
7. pp. 350 – 380
8. XV
9. Sunday Times
10. Encyclopedia Britanica

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

**1. Alamin mo…**

Bilang mananaliksik, mahalagang matutunan ang pagkilala at paghahanay-hanay ng mga impormasyon upang higit na maging magaan ang paraan ng pananaliksik. Kailangang makilala kung ano ang pamagat ng aklat at kung ano ang titulo ng isang Artikulo, ito ba'y petsa ng pagkakalimbag o bilang lamang ng pahina, edisyon o kaya'y bolyum.

Alam mo ba kung anu-anong sanggunian ang maaaring magamit ng isang mananaliksik?

Isulat kung anong sanggunian ang tinutukoy ng bawa't pahayag.

1. Naglalaman ng mga bagong kaganapan sa araw-araw , sa loob at labas ng ating bansa.
2. Dito makukuha ang iba't ibang impormasyon tungkol sa iba't ibang larangan gaya ng ekonomiya / kabuhayan, mga kompanya, negosyo, hanapbuhay at mga kaganapang naganap sa buong taon.
3. Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa iba't ibang paksa o larangan ng karunungan.
4. Dito matatagpuan ang iba't ibang mapa sa daigdig. Nakasulat ang tungkol sa topograpiya at demograpiya ng bawa't bansa.
5. Ito ang sinasangguni kung nais malaman ang kahulugan, salitang-ugat, pinagmulan at tamang bigkas ng salita. Paalpabeto ang pagkakaayos ng mga salita.

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin ang susi sa pagwawasto sa iyong guro.

Alam kong handang-handa ka na ngayon sa mga gawaing inihanda ko.

**Gawain 1:** Paghahanay-hanay ng Mahahalaga at Magkakaugnay na Impormasyon.
Panuto: Buuin ang tsart ng impormasyong nakatala sa ibaba nito.

| Awtor | Pamagat ng Aklat | Pook/Lugar | Limbagan | Taon |
|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |

Retorika    Dalandanan, Valenzuela City

Mega-Jesta Prints, Inc.

1999    Austerio, Cecilia S.

| Awtor | Pamagat ng Artikulo | Pamagat ng Magasin | Bilang ng Bolyum | Pahina | Petsa |
|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | |

"A Step Forward in Writing"    Vol. 15

April 1991    Vol. XX19    p.20-25

Pereira, Silvia L. de    English Teaching Forum

**Gawain 2:** Paggamit ng kaalaman Tungkol sa Wastong Format.

Bago mo sagutan ang Gawain 2, basahin at unawain mo munang mabuti ang ilang mahahalagang bagay tungkol sa format ng bibliyograpi.

May sariling format ang bibliyograpi. Ito ang dapat sundin upang maging maayos ang paggawa nito. Iba't ibang sanggunian, iba-iba rin ang paraan ng pagsasaayos ng mga

impormasyonKaraniwan nang binubuo ng dalawa hanggang tatlong linya ang bibliyograpi. Ang unang linya ay dapat na nakalabas, sa ikaanim na letra ng pangalan o espasyo sa itaas dapat isulat ang unang salita sa ikalawang linya.

Halimbawa:

Cruz, Isagani. Filipino 4. Manila: De La Salle University
Press, 1996.

Mayroon ding palugit at espasyong sinusunod ang bibliyograpi. Hindi maaaring isulat mo hanggang dulo ng papel ang mga impormasyon. Hindi ito magandang tingnan. Ang espasyo naman ay 1 lang. Nagiging doble lamang sa pagitan ng bawa't bibliyograpi.

Halimbawa:

Kapag ang sangguniang ginamit ay pahayagan at ensayklopidya, karaniwan nang wala itong pangalan ng sumulat kaya't unang isinusulat ang pamagat ng Artikulo. Kahit pamagat lamang, isinusunod din ito sa ayos na paalpabeto.

Halimbawa:

Tiongson, Nicanor. Kasaysayan ng Komedya sa Pilipinas: 1766 – 1982. Maynila: Integrated Research Center De La Salle University, 1982.

"Wika ng mga Katutubo", Liwayway, p. 60, 1985.

Kapag iisa lang ang may-akda sa dalawang magkaibang sangguniang ginamit, sa ikalawang sanggunian ay di na kailangan pang isulat ang pangalan ng may-akda, sa halip, kakatawanin ito ng linyang mahaba.

Halimbawa:

Gabriel, Lamberto Ma. Sining-Agham sa Pagtula. Metro Manila, Philippines: National Book Store, Inc. 1986.

__________________. Sining ng Pakikipagtalastasan, Metro Manila,

---

Kapag ang sanggunian ay may dalawa o higit pang pangalan ng may-akda, kunin ang unang pangalan at sundan ito ng salitang et. al. Nangangahulugang may kasama pa ang sumulat ng aklat.

Halimbawa:

Sebastian, Federico B. et. al. Katutubong Kulay. Manila: M.E. Anatalio and Co., 1973

Naragdagan ba ang iyong kaalaman? May bahagi ka bang hindi naintindihan? Muli mo itong balikan at pag-aralan upang maunawaan ang mensaheng nais nitong ipahayag.

Sagutin mo ngayon ang gawaing inihanda ko.

Panuto: Isulat ang letra ng salitang angkop sa bawat patlang.

1. Kapag sa dalawang sangguniang magkasunod ay iisa lamang ang may-akda, ang ikalawang entri, sa halip na pangalan ng may-akda ang isulat,kakatawanin na lamang ito ng _______________.
   a. pamagat ng artikulo c. pamagat ng aklat
   b. apelyido ng may-akda d. linyang mahaba

2. Ang unang salita sa unang linya ay kailangang
   a. nasa gitna c. nakalabas
   b. nakagilid d. nakapasok

3. Kapag walang pangalan ng sumulat ang unang ilalagay ay
   a. pamagat ng aklat c. pamagat ng artikulo
   b. limbagan d. taon ng pagkakalimbag

4. Ang espasyo ng bawat linya ay _________
   a. isa c. tatlo
   b. dalawa d. apat

5. Isusulat ang unang salita sa ikalawang linya sa _____________ na letra ng unang salita o espasyo sa unang linya.
   a. pang-anim c. pang-apat
   b. panlima d. pangatlo

**Gawain 3:** Pagtukoy sa Pagkakaiba ng Format ng Bawat Sanggunian Ayon sa Uri Nito.

Panuto:  Isulat sa wastong kaayusan, format at uri ang mga sumusunod na impormasyon.

1. Si Consolacion P. Sauco ang sumulat ng aklat
2. Ang pamagat ay Sulyap sa Dulang Tagalog

3. Nilimbag ito sa Kalakhang Maynila, Pilipinas
4. National Book Store ang naglimbag ng aklat
5. Ginanap ang paglilimbag noong 1987
6. Ang ikalawang sanggunian ay isang magasin na ang pangalan ay Sunday Times
7. "Panitikan sa Iba't ibang Panahon" ang pamagat ng artikulo
8. Nilimbag ito noong 2002
9. Matatagpuan ang artikulo sa pahina 15
10. Ang bolyum nito ay XX

**Gawain 4:** Pagbibigay – reaksyon sa mga piling halimbawa ng bibliyograpi.

Panuto:  Basahin munang mabuti ang halimbawang bibliyograpi.  Pagkatapos, piliin at isulat ang mga salitang tumutugon sa ipinahahayag ng bawat bilang.

1. "Pag-unlad ng Wikang Filipino",
   Taliba, p. 4, Mayo 15, 2002.

2. Reyes, Soledad S. Nobelang Tagalog 1905-1975
   Tradisyon at Modernismo, Quezon City: Ateneo de Manila University
   Press, 1982

3. ___________________, Sariling Panitikan, Manila
   Philippines:  Union Book Store, 1985.

1. Ang bantas na ginamit sa ikalawa at ikatlong sanggunian subalit di-matatagpuan sa unang sanggunian.

2. Ang bantas na mayroon ang una subalit wala ang ikalawa at ikatlong sanggunian.

3. Ang dalawang impormasyong mayroon ang ikalawa't ikatlo subalit wala ang unang sanggunian.

4. Ang impormasyong matatagpuan sa una, ikalawa at ikatlong sanggunian.

5. Maliban sa bilang pahina, ang isa pang impormasyong mayroon ang una subalit wala ang ikalawa at ikatlong sanggunian.

Mga pagpipilian

pamagat ng artikulo
tuldok

tutuldok
limbagan at pook
pamagat ng aklat at petsa
panipipetsa ng pagkakalimbag

**2. Lagumin mo…**

Susubukin ng pagsubok na inihanda ko para sa iyo ang lawak ng kaalamang iyong natutunan sa Aralin 2.

Huwag kang matakot. Tutulungan ka nitong malaman kung alin sa mga aralin ang naging madali o mahirap para sa iyo. Isa rin itong paraan upang malunasan ang iyong pangamba tungkol sa paksang dapat mo pang pag-ukulan ng panahon sa pag-aaral.

Handa ka na ba?

Panuto: Basahin muna ang mga sumusunod na sanggunian. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

Gonzales, Lydia . Ang Sining ng Pakikipagtalastasan . Cubao, Quezon City: Miramar Publishing House, 1985.

_______________ . Ako, Sa Nagbabagong Daigdig ng Komunikasyon at Lipunan. Taguig, Metro Manila: JEA Publishing House, Inc., 1987.

"Makabagong Pananaw sa Wika at Panitik", Panorama, Bolyum 5, p. 7, 1999.

1. Ang pamagat ng unang sanggunian ay __________________.
2. Ang may-akda ng ikalawang sanggunian ay __________________.
3. "Makabagong Pananaw sa Wika at Panitik", isa itong pamagat ng _________.
4. Ang salungguhit na ginamit sa ikalawang sanggunian ay kumakatawan as ______________.
5. Ang espasyo ng mga impormasyon sa bawat linya ng sanggunian ay ______________.
6. Ang espasyo ng bawa't sanggunian ay ______________.
7. Ang ginamit na sanggunian sa ikatlo ay isang _____________.

8. Ang uri ng sangguniang ginamit sa ikalawa ay isang ____________.

9. Ang bantas na ginamit sa pamagat ng artikulo ay ____________.

10. Isinusulat ang unang salita sa ikalawang linya sa ikaanim na espasyo ng salitang nasa ____________.

Iwasto mo ang iyong mga sagot. Hingin ang susi sa pagwawasto sa iyong guro.

**3. Subukin mo…**

Isaayos mo ang mga sumusunod na impormasyon upang makabuo ng isang maayos na halimbawa ng sangguniang aklat.

1. Limbagang Pilipino
2. Navotas, Metro Manila
3. 1980
4. Ako'y Isang Tinig
5. Dr. Genoveva Matute

1. Silangan Publishing House
2. Pioneer St., Mandaluyong City
3. Mga Babasahin sa Filipino
4. 1996
5. _________________

Naging madali ba para sa iyo ang pagsasaayos ng mga impormasyon? Tingnan mo kung ilan ang iyong nakuha. Hingin mo ang susi sa pagwawasto sa guro upang malaman ang iskor na iyong nakuha.

**4. Paunlarin mo…**

Kung ang iskor na iyong nakuha ay walo (8), maaari ka nang magsimula sa Aralin 3, subalit kung mababa rito ang iyong iskor, kailangan mo munang sagutin ang gawaing inihanda ko bago mo pag-aralan ang susunod na aralin.

Handa ka na ba?

Magsimula ka na!

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na impormasyon upang makabuo ng isang maayos na sanggunian.

1. Gintong Butil
2. Bolyum XI
3. p. 30
4. Marso 27, 2003
5. “Pandalubhasaang Pag-aaral ng Linggwistika”,

# *ARALIN 3: Pagbuo ng Maayos at Malinis na Bibliyograpi*

### Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?


Matapos mapag-aralan ang araling ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. Nakasusunod sa mga tiyak na modelo

2. Naisasaayos ayon sa wastong kaayusan ang mga sanggunian

3. Naiisa-isa ang mga panuntunang dapat isaalang-alang sa pagsulat ng bibliyograpi

4. Nakabubuo ng bibliyograpi batay sa kaayusan, kalinawan at kaisahan



## *Anu-ano na ang mga tiyak na alam mo?*

Alam mo bang sumulat nang dikit-dikit? Kung palimbag ang paraan ng iyong pagsulat, mahalagang marunong ka ring sumulat nang dikit-dikit sapagkat ito ang unang panuntunan sa pagsulat ng komposisyon.

Alam mo ba kung bakit? Dito makikita ang mga wastong baybay ng salitang ginamit at ang pagtatapos o pagsisimula ng pangungusap.

Panuto: Isulat nang dikit-dikit ang mga sumusunod na impormasyon.

1. GUZMAN, GLORIA VILIARAZA
2. HANDOG NG KALAYAAN
3. IMUS, CAVITE
4. PAROLA PUBLISHING HOUSE, INC.
5. OKTUBRE, 2004


## Mga Gawain sa Pagkatuto

**1. Alamin mo…**

Alam mo ba kung paano isusulat nang wasto ang mga impormasyong kinakailangan sa pagbuo ng bibliyograpi?

Sagutin mo ang gawaing inihanda ko upang malaman kung gaano ka na kahanda sa araling pag-aaralan mo.

Panuto: Isulat sa loob ng kahon ang impormasyong hinihingi nito.




Mga Pagpipilian

| | |
|---|---|
| Epifanio G. Matute<br>Matute, Epifanio G. | Sta. Cruz, Manila<br>Manila, Sta. Cruz |
| "Sanaysaying"<br>Florante at Laura | Institute of National Language<br>Time Magazine |
| Sa mga Kuko ng Liwanag<br>Ang Pag-aaral at Pagsulat ng Maikling Katha | |
| Hulyo, 2004<br>2004 Hulyo | |

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

**Gawain 1:** Pagsunod sa mga Tiyak na Modelo.

Panuto: Pag-aralan ang mga halimbawang bibliyograpi. Suriin kung paano ito binuo at pagkatapos, gawin itong modelo batay sa mga impormasyong ibinigay.

1. Medina, Jr., Buenaventura S. Tatlong Panahon ng Panitikan . Cubao, Quezon City: Parola Publishing Co., 2000

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Ang Panulaang Tagalog | | Manila |
| España | Kalayaan Paublishing House, | | |
| 2001 | Inc. | Iñigo Ed. REgalado | |

2. ________________________ . Tinging Pahapyaw sa Kasaysayan ng Panitikang Tagalog. Maynila: Institute of National Language 2000.

Quezon City : 1998 Mga Silanganin ng Panitikan
Ateneo de Manila

3. "Handog ng Kalayaan", Ang Tinig. P. 4, 2004.

| | | |
|---|---|---|
| Kabayan | 2004 | "Diwang Pilipino" |
| p. 3 | | |

4. Calip, Resurreccion J. "Awitin, Himno at Paghihimagsik", Philippine Quarterly Magazine. Maynila: Dalubhasaang Normal ng Pilipinas pp. 70-72 2004.

| | |
|---|---|
| "Tungkos ng Alaala" | Banyuhay Magazine |
| Bahaghari Printing Press | 2004 |
| pp. 5 – 7 | Pedro Gatmaitan |
| Maynila | |

**Gawain 2:** Pagsasaayos ng mga Sanggunian Ayon sa Wastong Kaayusan.

Masasabing maayos ang isang bibliyograpi kung ang bawat sanggunian ay nasa tamang puwesto. Kailangang ito'y naaayos sa paalpabetong pamamaraan.

Alam kong sa rami ng gawaing iyong naisagawa ay madali nang gawin para sa iyo ang pagsasanay na ito.

Handa ka na ba?

Panuto: Isaayos at isulat ang mga sumusunod na sangguniang aklat.

Mabanglo, Ruth Elynia S. Panunuring Pampanitikan. Makabagong Pilipino Para sa Kolehiyo 3. Manila: Alemar – Phoenix Publishing House, Inc. 1979

Del Mundo, Clodualdo. Mula sa Parolang Ginto, Mga Panunuring Pampanitikan. Maynila: Liwayway Publishing, Inc., 1969


Brion, Rofel G. Tuklas, Mga Piling Akda ng Panitikang Filipino, Quezon City, Metro Manila: Ateneo de Manila University Press Kagawaran ng Filipino, 1987.

Baes, Emelita P. Huwag Mo Akong Limutin – Mga Tula at Panuntunan sa Pagsulat mg Tula. Quezon City: Rex Printing Compay, Inc. 1979.

**Gawain 3:** Pag-iisa-isa sa mga Panuntunang Dapat Isaalang-alang sa Pagsulat ng Bibliyograpi.

May mga panuntunang nararapat isaalang-alang sa pagsulat ng bibliyograpi upang matiyak na wasto at maayos ang magiging bunga nito. Alam mo na ba ang mga ito?

Sagutin mo ang gawaing aking inihanda upang malaman kung handa ka na nga bang sumulat.

Panuto: Iguhit ang larawang bulaklak (  ) kung ang ipinahahayag ng bawat pangungusap ay karapat-dapat na maging panuntunan sa pagsulat ng bibliyograpi at larawang dahon

(  ) kung di-karapat-dapat.

1. Sa bawa't sanggunian, maglagay ng anim na letrang espasyong indensyon.
2. Isaalang-alang ang mga kinakailangang bantas sa bawat impormasyon ng sanggunian.
3. Isulat nang palimbag ang mga impormasyon upang madaling mabasa.
4. Lumaktaw ng isang espasyo sa bawat linya at dalawang espasyo pagkatapos ng bawat sanggunian.
5. Sumulat nang malinaw at malinis.
6. Simulan sa malaking letra ang mga pangngalang pantangi.
7. Gumamit ng sariling istilo sa pagsasaayos ng mga impormasyon upang maging kakaiba ang isinagawang bibliyograpi.

**Gawain 4:** Pagbuo ng Bibliyograpi Batay sa Kaayusan, Kalinawan at Kaisahan.

Panuto: Isaayos ayon sa wastong pagkakasunud-sunod ang iba't ibang sanggunian.

Sauco, Consolacion P. et.al. Sulyap sa Dulaang Tagalog. Metro Manila,
Philippines: National Book Store, Inc., 1987.

"Music and Musicians", Encyclopedia
From A to Z, pp. 198-199, 2002.

Langit, Rey. Pag-abuso sa Karapatan ng Bata, Diwa Magazine,
pp. 9-10, 2003.

Abangan, Bella A. "Paano Hinubog si Rizal"
Tempo, p. 4, Pebrero 10, 2003.

Nadalian ka ba sa pagsagot sa mga gawain? Binabati kita. Nangangahulugan lamang na naging makabuluhan ang iyong pag-aaral. Kung di ka man nakakuha ng mataas na iskor, huwag mag-alala. Maaari mong balikan ang bawa't gawain upang mapag-aralan mong mabuti ang mga bahagi kung saan ka nagkamali. Ang mahalaga, naragdagan ang iyong kaalaman. May pagkakataon pa upang makabawi.

2. **Lagumin mo…**

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na sanggunian at punan ng wastong salitang makikita sa kasunod na pahina ang bawat patlang upang maging maayos ang pagbuo ng bibliyograpi.

Eugenio, Damiana L. Awit and Corredo
Philippine Metrical Romances. _________
Philippines : University of the Philippies
Press, 1987

Reyes, Soledad S. ______________. 1905-1975
Tradisyon at Modernismo. Quezon City:

Ateneo de Manila University Press, 1982.

"Sining", Compton Enclyclopedia, _____________,
pp. 50-55, 1989.

Panganiban, Jose Villa. __________. Panitikan ng Pilipinas
Binagong Edisyon. Quezon City: Bede's Publishing
House, Inc. 1982.

"Pagdiriwang ng mga Katutubong Manobo"
_____________, pp. 49-51, Marso 17, 2005

Mga Pagpipilian

| | |
|---|---|
| et. al. | Quezon City |
| Daily Bulletin | Nobelang Tagalog |
| Volume XV | |

Iwasto ang iyong sagot. Hingin sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

**2. Subukin mo…**

Isaayos ang mga impormasyon sa sanggunian pagkatapos, pagsunud-sunurin ito at lagyan ng mga kinakailangang bantas upang makabuo ng maayos na bibliyograpi.

| | | |
|---|---|---|
| Sining at Pamamaraan ng Pagsasalin | | |
| Alejandro, Rufino | 1980 | National |
| Book Store | Manila | |

| | | |
|---|---|---|
| Belvez, Paz M. | Manila | National Book |
| Store 1986 | et. al. | Sanaysay, |
| Talumpati at Debate | | |

| | | |
|---|---|---|
| "Ang Linggwistikang Filipino at ang Guro ng Wika" | | |
| Vol. 3 | Philippine | |
| Normal College | No. 2 | 1980 |

| | | |
|---|---|---|
| "Agham – Wika sa Filipino" | Blg. 1 | |
| Supling | 1970 | Lathalain ng Pambansang |
| Samahan sa Linggwistikang Filipino | | |

| | |
|---|---|
| Daily Bulletin | "Effective Conversation" |
| p. 49 | May 20, 2004 |

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

**3. Paunlarin mo…**

Tama ba lahat ang iyong naging kasagutan? Nangangahulugan lamang niyan na bihasa ka na sa pagsulat ng bibliyograpi. Magiging madali na sa iyo ang pangangalap ng impormasyon sa pananaliksik. Kung nagkaroon ka man ng kamalian, sagutin mo muna ang gawaing inihanda ko bago mo pag-aralan ang susunod na liksyon.

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na impormasyon ng isang sanggunian at lagyan ng kaukulang bantas.

| | | |
|---|---|---|
| Sining ng Pagsasalin | | Rex Book Store |
| Manila | 1990 | Alfonso O. Santiago |

## *Gaano ka na kahusay?*

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na impormasyon upang makabuo ng isang maayos na bibliyograpi / talasanggunian mula sa iba't ibang uri ng sanggunian.

Sangguniang Aklat

| |
|---|
| Panitikan Para sa Mag-aaral na Pilipino<br>1980<br>Landicho, Domingo G.<br>Manila:  Makati Trade Times Publishing Co., Inc. |

- Sangguniang Jornal

| |
|---|
| Bolyum 1, No. 1<br>Enero, 1984<br>"Literatura ng Pilipinas"<br>Jornal Para sa mga Literatura ng Pilipinas |

- Sangguniang Magazin

| |
|---|
| Liwayway<br>Mayo 2000<br>Ang Implikasyon ng Panitikan sa Kulturang Pilipino<br>Bautista, Alberto P. |

Susi sa Pagwawasto

Anu-ano na ba ang alam mo?

Badayos, Paquito B. Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika – Mga Teorya, Simulain at Istratehiya. 705 J.P. Rizal St., Makati City: Grandwater Publications Research Corporation, 1999

Lalunio, Lydia P. Makabagong Istratehiya at Teknik sa Paglinang ng Kasanayan sa Pagsulat. Hasik, Bolyum 1, Blg. 1, Mayo 1996.

Otanes, Fe T. "Mga Batayang Teorya sa Wika", Manwal sa Pagsasanay sa Filipino I. Wika at Panitikan, Ikaapat na taon ng Mataas na Paaralan, 1991.

Aralin 1: Pagsusuri ng mga Tiyak na Halimbawa ng Bibliyograpi

Anu-ano na ang tiyak na alam mo?

1. Pasasalamat
2. Pahina ng pamagat
3. Talaan ng mga nilalaman
4. Paunang salita
5. Talababa
6. Bibliyograpi

1. Alamin Mo
    1. Arrogante, Jose A.
    2. Balmaceda, Julian C.
    3. Bautista, Lualhat
    4. Bayani ng lahi, Balita
    5. Katutubong Panitikan, Liwayway
    6. Manuel, Arsenio E.
    7. Panganiban, Jose Villa
    8. Pineda, Ponciano B.P.
    9. Reyes, Edgardo
    10. Sebastian, Federico B.

Gawain 3

1. Rofel
2. akda
3. Pankitikan
4. City
5. Manila
6. Press

1. Mundo
2. Pampanitikan
3. Liwayway

Gawain I

1. Hindi
2. Hindi
3. Oo
4. Hindi
5. Hindi
6. Oo
7. Hindi
8. Hindi

Gawain 2

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. , | 6. : | 1. , | 6. - |
| 2. . | 7. . | 2. . | 7. , |
| 3. “ ” | 8. . | 3. , | 8. . |
| 4. | 9. , | 4. , | 9. , |
| 5. , | 10. . | 5. : | 10. . |

Lagumin Mo

1. magkakasunod
2. pook / bayan
3. pamagat ng artikulo
4. malaking
5. kataga
6. kuwit
7. tuldok
8. tutuldok
9. petsa
10. lunsod

Subukin Mo

1. impormasyon
2. maayos
3. bantas
4. nakalabas
5. nakapasok
6. malaking
7. kataga
8. may-akda
9. petsa
10. pagkakalimbag

Paunlarin Mo

1. Pamagat ng aklat/babasahin
2. Panipi
3. Pamagat ng Artikulo
4. kuwit (,)
5. tuldok (.)

Aralin 2

Anu-ano na ang tiyak na alam mo?

1. may-akda
2. pamagat ng aklat
4. Publishing
5. Inc.

Gawain 4

A

1. Isang Libo at Isang Salawikain at Kasabihan
2. 1975
3. Palimbagan ng Dalubhasaang Epifanio delos Santos
4. Malabon, Rizal

5. Reyes, Soledad S.

B.

1. Lalunio, Lydia P.
2. Makabagong Stratehiya at Teknik sa Paglinang ng Kasanayan sa Pagsulat
3. 1996
4. Hasik
5. I

8. bolyum
9. pamagat ng babasahin/pahayagan
10. Encyclopedya

Alamin Mo

1. pahayagan
2. Year Book
3. ensayklopeya
4. Atlas
5. Tesaurus Dictionary/ Talasanggunian

Gawain 1

1. Austerio, Cecilia S.
2. Retorika
3. Dalandanan, Valenzuela
4. Mega-Jesta Prints, Inc.
5. 1999
1. Pereira, Silvia L. de
2. A Step Forward in Writing
3. English Teaching Forum
4. 15
5. p. 20-25
6. April, 1991

3. pook ng limbagan
4. limbagan
5. petsa ng pagkakalimbag
6. pamagat ng artikulo
7. pahina

Gawain 2

1. d
2. c
3. c
4. a
5. a

Gawain 3

Sauco, Consolacion P. Sulyap sa Dulaang Tagalog. Maynila, Pilipinas: National Bookstore. 1987

"Panitikan sa Iba't ibang Panahon", Sunday Times, Bolyum 20, p. 15, 2002.

Gawain 4

1. tutuldok (:)
2. panipi (" ")
3. limbagan at pook
4. petsa ng pagkakalimbag
5. pahina

Lagumin Mo

1. Ang sining ng pakikipagtalastasan
2. Gonzales, Lydia
3. artikulo
4. pangalan ng may-akda
5. isa (1)
6. dalawa (2)
7. magasin
8. aklat
9. panipi
10. unang linya/unahan

Subukin Mo

Dr. Matute, Genoveva. Ako'y Isang Tinig. Navotas, Metro Manila: Limbagang Pilipino, 1980

______________________ . Mga Babasahin sa Filipino. Pioneer St., Mandaluyong City: Silangan Publishing House, 1996

Paunlarin Mo

"Pandalubhasaang Pag-aaral ng Lingguistika", Gintong Butil, Bolyum XI, p. 30, Marso 27, 2003.

Aralin 3
Anu-ano na ang tiyak na alam mo?
1. Guzman, Gloria Villaraza
2. Handog ng Kalayaan
3. Imus, Cavite
4. Parola Publishing House, Inc.
5. Oktubre, 2004

Alamin Mo
1. Matute, Epifanio G.
2. "Sanaysaging"
3. Ang Pag-aaral at Pagsulat ng Maikling Katha
4. Sta. Cruz, Manila
5. Institute of National Language
6. Hulyo, 2004

Gawain 1

Regalado, Iñigo Ed. Ang Panulaang Tagalog. España, Manila: Kalayaan Publishing House, 2001.

___________________. Mga Silanganin ng Panitikan. Quezon City: Ateneo de Manila, 1998.

"Diwang Pilipino", Kabayan. P. 3, 2004.

Gatmaitan, Pedro . "Tungkos ng Alaala", Manila: Banyuhay Magazine, Bahaghari Printing Press, pp. 5-7, 2004.

Gawain 2








Baes, Emerlita P. Huwag Mo Akong Limutin – Mga Tula at Panuntunan sa Pagsulat ng Tula. Quezon City: Rex Printing Company, Inc. 1979.

Brion, Rofel G. Tuklas, Mga Piling Akda ng Panitikang Filipino. Quezon City, Metro Manila: Ateneo de Manila University Press Kagawaran ng Filipino, 1987.

Del Mundo, Clodualdo . Mula sa Parolang Ginto; Mga Panunuring Pampanitikan. Maynila. Liwayway Publishing, Inc.; 1969

Mabanglo, Ruth Elydia S. Panunuring Pampanitikan. Makabagong Filipino Para sa Kolehiyo 3. Manila: Alemar Phoenix Publishing House, Inc. 1979.

Gawain 3

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 
6. 
7. 

Gawain 4

Abangan, Bella A. “Paano Hinubog si Rizal”, Tempo. P. 4, Pebrero 10, 2003.

Langit, Rey. Pag-abuso sa Karapatan ng Bata. Diwa Magazine, pp. 9-10, 2003.

“Music and Musicians”, Encyclopedia From A to Z, pp. 198 – 199, 2002.

Sauco, Consolacion P. et. al. Sulyap sa Dulang Tagalog. Metro Manila, Philippines: National Book Store, Inc., 1987.

Lagumin Mo

Eugenia, Damiana L. Awit and Corredo Philippine Metrical Romances. Quezon City:

“Pagdiriwang ng mga Katutubong Manobo”, Daily Bulletin. Pp. 49-51, Marso 17, 2005.

Panganiban, Jose Villa. et. Al. Panitikan ng Pilipinas Binagong Edisyon. Quezon City: Bede’s Publishing House, Inc. 1982

Reyes, Soledad S. Nobelang Tagalog 1905 – 1975 Tradisyon at Modernismo. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1982.

“Sining”, Compton Encyclopedia, Volume XV, pp. 50-55, 1989.

Subukin Mo

“Agham - Wika sa Filipino”, Supling. Lathalain ng Pambansang Samahan sa Linggwistikang Filipino, Blg. 1, 1970.

Alejandro, Rufino. Sining at Pamamaraan ng Pagsasalin. Manila: National Book Store, 1980.

"Ang Linggwistikang Filipino at Ang Guro ng Wika", Philippines: Normal College, Vol. 3, No. 2, 1980.

Belvez, Paz M. et.al. Sanaysay, Talumpati at Debate. Manila: National Book Store, 1986.

" Effective Conversation", Daily Bulletin. P. 4, May 20, 2001.

Paunlarin Mo

Santiago, Alfonso O. Sining ng Pagsasalin. Manila: Rex Book Store, 1990

Gaano ka na kahusay

Bautista, Alberto P. "Ang Implikasyon ng Panitikan sa Kulturang Pilipino". Liwayway, p 20. Mayo, 2004.

Landicho, Domingo G. Panitikan Para sa Mag-aaral sa Pilipino. Manila: Makati Trade Times Publishing Co., Inc. 1980.

Literatura ng Pilipinas. Jornal Para sa mga Literatura ng Pilipinas. Bolyum 1, No. 1. Enero, 1984.